Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF BIÑAN CITY

**"PROJECT INGAT"( ISIP NILILINANG GAMIT ANG TALASALITAAN): PAGLINANG NG PANG-UNAWAS SA TALASALITAAN GAMIT ANG INTERBASYONG AKTIBITI BOOKLET**





**PRECIOSA S. GAMO**
Lead Proponent

**MARIA ELENA P. APACIONADO**
Member

**KRIZETTE C. PIDLAOAN**
Member

**ABSTRACT**

Malinaw na ang epektong dala ng pandemya ay dama sa lahat ng panig ng mundo sa halos ng sector ng pamayanan at pamahalaan. Lalong damang dama sa sektor ng edukasyon. Isa ang Mababang Paaralang Soro-Soro sa apektadong institusyon; hindi lamang sa pangkalusugan kundi na rin pang akademikong programa higit lalo sa pagbasa.

Ang pag- aaral na ito ay naglalayong matulungan ang mga mag-aaral sa Baitang Apat na paataasin ang antas ng pag-unawa sa pagbasa gamit ang Aktibiti booklet ng Talasalitaan bilang interbasyong kagamitan upang maitaas, mahasa at mapahusay ang kaalaman at kagalingan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa at tuluyang makamtan ang kalinangang nakapaloob sa K-12 kurikulum sa kabila ng kasalukuyang sitawasyon sa pag-aaral. Ang pamamaraan at proseso ng mananaliksik sa pag-aaral gamit ang interbensyon ay may pagkakaiba sa mga nakasanayang pangkatang gawain magkaroon ng indibidwal na pagkatuto lalo na sa mga mag-aaral na walang oras ang mga magulang upang sila ay gabayan. Bibigyang diin ng PROJECT INGAT ang mga salitang di pamilyar sa mga mag-aaral upang matugunan ang kakulangan sa pang-unawa ng mga mag-aaral sa mga salitang Filipino ng mga mag- aaral sa Ikaapat na Baitang.

***Keywords**: Teachers, 21st Century Education in the New Normal, Aktibiti Booklet, PHIL-IRI Assessment*

## INTRODUCTION

Ang pang-unawa sa pagbasa ay mahalagang aspeto sa pagkatuto Kailangan ang pang-unawa sa pagbasa sa pagpapaunlad ng kaalaman,. Ang mga mag-aaral na may mababang komprehensiyon ay nagpapakita ng kakulangan sa semantikang pag-unawa dahil sa kakapusan ng pagbibigay kahulugan sa mga salita. Ang kasanayan sa pagbasa ay isang batayan upang ang mga mag-aaral ay magtagumpay sa kanilang pag-aaral. Ang pagbasa bilang kasangkapan sa pagtuturo ay siyang susi at katunugan kaya dapat maging layunin na matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kakayahang bumasa. Matutulungan silang magkaroon ng kawili-wiling pagbasa at mapatunayan na ang pagbasa ay isang paraan ng pagkatuto. Ang pagbasang may pag-unawa ay isang komplikadong interaksiyon mula sa awtomatiko, estratehiko.

Ang kasanayan sa pagbasa ay isang batayan upang ang mga mag-aaral ay magtagumpay sa kanilang pag-aaral. Ang pagbasa bilang kasangkapan sa pagtuturo ay siyang susi at katunugan kaya dapat maging layunin na matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kakayahang bumasa. Matutulungan silang magkaroon ng kawili-wiling pagbasa at mapatunayan na ang pagbasa ay isang paraan ng pagkatuto. Ang pagbasang may pag-unawa ay isang komplikadong inter aksiyon mula sa awtomatiko, estratehiko at kognitibong proseso na nagpapagana sa mambabasa upang makalikha ng isang mental na representasyon ng isang teksto. Sinabi nina Yovanoff, Duesbry, Alonzo at Tindal (2005) na "Habang ang mga mag-aaral ay nagiging bihasa sa kanilang kakayahan sa pagbabasa nalilinang din sa kanila ang mahusay na pag-unlad sa pag-unawa at pagkatuto" ( ph.4-12) Winika din ni Leipzig (2001) na " Ang pagkatuto sa maunawang pagbabasa ay isang komplikadong proseso na puwedeng ihalintulad sa isang sasakyan. May sariling sistema na kailangang alagaan at panatilihin at ang pinaka mahalaga ay ang patuloy na paggamit dito upang masiguro ang kaayusan nito". Ang isang mag-aaral na taglay ang kasanayan sa pagbasa ay madaling matuto sa iba't ibang aralin at nakatitiyak na siya'y matatas sa pagsulat at pagsasalita na siyang pangunahing layunin at mithiin ng guro sa kanyang pagtuturo - ang makabuo ng isang mamamayan na nakababasa at nakakasulat na magiging saligan ng isang mabuting lipunan.

Ngunit sa pagdating ng di inaasahang pagkakataon gaya ng pandemya ang mga paaralan ay nangangailangang isara para sa kaligtasan ng mga mag-aaral. Bilang tugon sa pagsasara ng paaralan ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagkaroon ng alternatibong paraan upang matuto ang mga mag-aaral sa kanilang tahanan sa pamamagitan ng malayuang pag-aaral.

Gayunpaman, sa kabila ng pagsisikap ng mga guro sa Filipino na maturuan ang mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa sa panahon ng pandemya mayroon pa ring mga mag-aaral na hindi matamo ang mataas na antas ng pag-unawa. Patunay dito ang resulta ng Pre-Test ng Philippine Informal Reading Inventory (PHIL_IRI) na natamo ng mga mag- aaral sa Baitang 4 sa asignaturang Filipino sa kasalukuyang taong panuruan 2022-2023 na may 21% o 35 mula sa 113 na mag aaral ang nakakuha ng antas na pagkabigo, 23% o 26 ang may antas na pampagkatuto at 56% o 64 lamang mula sa 113 na mag-aaral ng Baitang 4 ang may antas na Malaya. Malayo sa inaasahang 75% na bilang na may antas na malaya. Patunay din ang kasalukuyang antas ng mga mag-aaral sa una at ikalawang markahan kung saan may 51 o 45 na porsyento mag-aaral sa Baitang 4 ay may markang 75-84 lamang. Samantalang 36 o 32 porsyento naman sa ikalawang markahan. Sa pamamagitan ng pagsagot sa sarvey patungkol sa kanilang

kakayahan na may kinalaman sa maunawang pagbasa. Natuklasan na 66 sa kabuuang 113 na mga mag-aaral o 58 % ang nakasasagot lamang nang mahusay sa mga katanungang literal. Pagkatapos maobserbahan ang galaw ng mga mag-aaral ng mga magulang habang sila ay nagbabasa nakitang may problema at kakulangan ang mga mag-aaral sa kakayahang umunawa ng kanilang mga binabasa lalong - lalo na sa kritikal at malikhaing pagbasa. Bagamat nakakabasa sila nang mabilis, natanto na nahihirapan silang unawain at intindihin ang diwa ng kanilang binabasa. Ang mga ebidensya ay makikita sa pamamagitan ng pag-oobserba at pagtataya sa mga kasagutan ng mga mag-aaral habang tinatalakay sa klase ang mga akdang binasa at ang resulta ng inihandang pagsusulit sa maunawang pagbasa.

- *Reason for conducting the study*

Dahil sa mga nakalap na resulta ninais na gumamit ng isang interbensyon, magkonseptuwalisa at magsagawa ng isang pag-aaral at pagsisiyasat na kung saan ay tutukuyin ang maaaring magiging kontribusyon ng paggamit ng estratehiyang aktibiti booklet sa talasalitaan sa mga mag-aaral upang maitaas, mahasa at mapahusay ang kaalaman at kagalingan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa at tuluyang makamtan ang kalinangang nakapaloob sa K-12 kurikulum sa kabila ng kasalukuyang sitawasyon sa pag-aaral. Ang pamamaraan at proseso ng mananaliksik sa pag-aaral gamit ang interbensyon ay may pagkakaiba sa mga nakasanayang pangkatang gawain magkaroon ng indibidwal na pagkatuto lalo na sa mga mag-aaral na walang oras ang mga magulang upang sila ay gabayan.

- *How the results could be used in action planning*

Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng 4 interbasyong aktibiti booklet na naglalaman ng mga gawain gaya ng word puzzles, color game picture clues, mga teksto at iba pa na huhubog ng kaalaman sa talasalitaan ng mga mag-aaral.

Ang nasabing kagamitan ay naglalaman ng 8 aktibiti na sasagutan ng mga mag-aaral 2 beses isang linggo upang malinang sa kanila ang kakayahang magkaroon ng malawak na kaalaman sa talasalitaan na magiging sandata nila pagbasang may pag-unawa

**METHODOLOGY**

## A. Datos at mga Kalahok sa Pananaliksik

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga guro, mga magulang at mag-aaral ng Baitang Apat na magpapatala sa taong panuruan 2022-2023.

- *Number of People*

| MGA KALAHOK | BILANG NG KALAHOK |
|---|---|
| Magulang/tagagabay | 113 |
| Guro | 3 |
| Mga mag-aaral | 113 |

Ang pagpili ng mga kalahok ay batay sa bilang ng mga batang nagpatala sa Ika-Apat na Baitang sa taong panuruang 2022-2023.

Ang mga kalahok ng saliksik na ito ay ang mga batang nagpatala sa Ika-Apat na Baitang taong panuruang 2022-2023.

## B. Paraan ng Pangangalap ng Datos

Bago ang pagsasagawa ng programa ay hihingi ng pahintulot mula sa aming punong guro at sa kanilang mga magulang o tagapangalaga.

Upang masagot ang mga katanungan, ang pag-aaral na ito ay gagamit ng paunang pagtatasa at talatanungang may 40 katanungan. Ang pagsasagawa at pagpapatunay ng Talatanungan ay magsisimula sa pagbuo ng mga talatanungan base sa mga suliraning nais malutas ng pag-aaral na ito.

Ang mga hakbang ay gagamitin sa pangangalap ng datos:

**Kwantitatibo**

Una, pagbibigay ng *pre-assessment* upang matukoy ang antas ng kaalaman ng mga batang kalahok sa pag-aaral. Magkakaroon ng anim na buwang implementasyon ng paggamit ng mga aktibiti booklet na gawa ng guro. Pagbibigay ng huling pagtatasa o post assessment sa mga kalahok ng programa.

Ang mga sumusunod na pamamaraan ang gagawin sa pangangalap ng datos na kakailanganin para sa pag-aaral. Pagbibigay ng paunang pagsusulit sa mga mapipiling kalahok. Sumunod ay ang implementasyon ng nasabing programa. Pangangalap ng datos, pagbibigay ng panghuling pagsusulit at paglalahad ng mga nakalalap na datos.

**Kwalitatibo**

Pagkatapos maobserbahan ang galaw ng mga mag-aaral ng mga magulang habang sila ay nagbabasa nakitang may problema at kakulangan ang mga mag-aaral sa kakayahang umunawa ng kanilang mga binabasa lalong - lalo na sa kritikal at malikhaing pagbasa. Bagamat nakakabasa sila nang mabilis, natanto na nahihirapan silang unawain at intindihin ang diwa ng kanilang binabasa. Ang mga ebidensya ay makikita sa pamamagitan ng pag-oobserba at pagtataya sa mga kasagutan ng mga mag-aaral habang tinatalakay sa klase ang mga akdang binasa at ang resulta ng inihandang pagsusulit sa maunawang pagbasa.

**Sarbey**

Pagsasagot ng mga gamit sa pagsubaybay at pagmamarka ng mga Gawain sa Talasalitaan.

## C. Pagsusuri ng Datos

Ang mga nakalap na datos ng kwantitabo at kwalitatibo ay itatala. Tutuusin ang mga datos na nakalap at susuriin ang kawastuuan nito para sap ag aanalisa at pagtatalakay ng resluta.

**RESULTS**

## A. Resulta ng Pananaliksik

**Talahanayan Bilang 1: Resulta ng Paunang Pagtataya sa Phil-IRI**

| | Enrolment | | | Independent | | | Instructional | | | Frustration | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | M | F | T | M | F | T | M | F | T | M | F | T |
| Grade 1 | 54 | 65 | 119 | 20 | 22 | 18 | 20 | 27 | 47 | 15 | 25 | 40 |
| Grade 2 | 56 | 59 | 115 | 23 | 25 | 48 | 22 | 17 | 39 | 12 | 18 | 30 |
| Grade 3 | 64 | 50 | 114 | 22 | 16 | 38 | 31 | 19 | 50 | 12 | 15 | 27 |
| Grade 4 | 55 | 58 | 113 | 16 | 24 | 40 | 15 | 15 | 30 | 24 | 19 | 43 |
| Grade 5 | 57 | 74 | 131 | 25 | 50 | 75 | 27 | 19 | 46 | 5 | 5 | 10 |
| Grade 6 | 44 | 31 | 75 | 28 | 20 | 48 | 13 | 11 | 24 | 3 | 0 | 3 |
| **TOTAL** | 330 | 337 | 667 | 150 | 173 | 299 | 131 | 102 | 233 | 55 | 69 | 124 |

Ang Talahanayan Bilang 1 ay nagpapakita ng resulta ng paunang pagtatasa sa PHIL_IRI kung saan may mataas na bilang ng antas ng pagkabigo na 43 o 38% ng kabuuang mag-aaral sa Ikaapat na Baitang.

**Talahanayan Bilang 2: Pauna at Panapos na Pagtatasa sa Talasalitaan**

| Resulta | Pre-Test | Post-Test |
|---|---|---|
| **Mean** | **26.1** | **32.25** |
| **MPS** | **65%** | **81%** |
| | | |

Ipinapakita sa talahanayan Bilang 2 ang pagiging epektibo ng interbasyon aktibiti booklet sa pagtaas ng antas ng pang-unawa. Mula sa 65% ng paunang pagtatasa sa 81% sa panapos na pagtatasa.

**Talahanayan Bilang 3.1: Kahirapan ng Talasalitaan_(Panimulang Pagtatasa)**

| Mga Kahirapan sa Talasalitaan | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| 1. Nalalaman ang mga salita. | 34 | 30% |
| 2. Nalalaman ang pormal na depinisyon ng mga salita. | 38 | 34% |
| 3. Nalalaman ang kasingkahulugan ng mga salita. | 43 | 38% |
| 4. Nalalaman ang kasalungat ng mga salita. | 32 | 28% |
| 5. Nagagamit ang mga salita sa parirala. | 34 | 30& |
| 6. Nagagamit ang mga salita sa pangungusap. | 29 | 29 % |
| 7. Nakabubuo ng talata na may kaugnayan sa sa mga salita. | 19 | 17% |

Ipinapakita sa talahanayan Bilang 3.1 na 19 0 17 % lamang sa mag-aaral ang may kakayahang gumamit ng salita sa talata. Samantalang ang ang pinakamataas na bilang ng mag-aaral na 43 o38% ay ang ay alam ang kasingkahulugan panimulang pagtatasa.

**Talahanayan Bilang 3.2: Kahirapan ng Talasalitaan_(Panimulang Pagtatasa)**

| Mga Kahirapan sa Talasalitaan | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| 1. Nalalaman ang mga salita. | 94 | 84% |
| 2. Nalalaman ang pormal na depinisyon ng mga salita. | 87 | 77% |
| 3. Nalalaman ang kasingkahulugan ng mga salita. | 94 | 84% |
| 4. Nalalaman ang kasalungat ng mga salita. | 89 | 79% |
| 5. Nagagamit ang mga salita sa parirala. | 78 | 69& |
| 6. Nagagamit ang mga salita sa pangungusap. | 68 | 60 % |
| 7. Nakabubuo ng talata na may kaugnayan sa sa mga salita. | 56 | 50% |

Ipinapakita sa talahanayan Bilang 3.2 ang pagtaas ng antas mula na 19 0 17% lamang sa mag-aaral ang may kakayahang gumamit ng salita sa talata ay nagging 56 o 56 %. Samantalang ang ang pinakamataas na bilang ng mag-aaral ay nalalaman ang saita at kasingkahulugan mula 43 o38% ay nagging 94 o 84% .

**DISCUSSION**

Sa kabuuan, lumalabas na may kauganayan ang pang-unawa ng mag-aaral sa kaalaman nito sa mga salitang di pamilyar. Malaki ang epekto ng proyektong ito sa pagtaas ng antas ng pagbasa at pang-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang Apat. Mas nahihikayat silang magbasa dahil mas lubos nilang mauunawan ang mga babasahing tksto at kwento. Nahasa rin ang kanilang pagsulat gamit ang mga salita sa aktibiti.

Bigyang pansin ang pangunahing pangangailangan ng mga mag-aaral sa ikakaunalad ng kanilang pagkatuto.

Palawakin ang Project INGAT. Gamitin ito sa mga mag-aaral mula Baitang 1-6 upang mas mapalawig ang pang-unawa ng mga mag-aaral. Maaring makamit din katagumpayan nito sa ibang baitang dahil sa pagiging epektibo nito ss a mga mag-aaral sa Ikaapat na Baitang.

Maglaan ng patuloy na suporta sa mga guro upang mas mapalawak pa ang mga programang tutulong sa pagpapalwak at pagpapataas sa antas ng kaalaman ng bawat mag-aaral.

Hikayatin ang mga magulang sa paggabay at pagsuporta sa mga ganitong gawain upang sa gayon ay magkaroon ng mas malaking interes ang mga mag-aaral sa knilang pagkatuto hindi lamang sa pagbabasa kundi sa iba pang aspeto ng kanilang b uhay.

Patuloy na pagsubaybay sa mga gawain, pagbibigay ng mga pagtatasa upamng makitab ang progreso nila sa mga gawain Pagbibigay ng sapat na suportang pinansyal para sa mga kagamitang gagamitin ng mga guro at mag-aaral sa mga ganitong proyekto.

Ang pag- aaral na **INGAT (Isip Nililinang Gamit Ang Talasalitaan):**

Paglinang ng Pang-Unawa Ng Talasalitaan Gamit ang Interbasyong Aktibiti Booklet ay naglayong matulungan ang mga mag-aaral sa Baitang Apat na paataasin ang antas ng pag-unawa sa pagbasa gamit ang Aktibiti booklet ng Talasalitaan bilang interbasyong kagamitan upang maitaas, mahasa at mapahusay ang kaalaman at kagalingan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa at tuluyang makamtan ang kalinangang nakapaloob sa K-12 kurikulum sa kabila ng kasalukuyang sitawasyon sa pag-aaral. Ngunit sa kabila ng layunin nito may mga suliranin pa ding kinaharap na dulot ng mga di maiiwasang sitwasyon.

**ACKNOWLEDGEMENTS**

Taos pusong pasasalamat ang ipinaabot sa mga sumusunod na indibidwal at tanggapan at sa iba pang nagging bahagi ng aming pag-aara para sa walang hanggang tulong at suporta upang maisagawa at mapagtagumpayang matapos ang pag-aaral na **PROJECT INGAT (Isip Nililinang Gamit Ang Talasalitaan):**Paglinang ng Pang-Unawa Ng Talasalitaan Gamit ang Interbasyong Aktibiti Booklet sa Baitang Apat ng Soro-Soro ElementarySchool.

Una sa lahat sa Kagawaran ng Edukasyon lalo na sa KAGAWARAN NG EDUKASYON ng REGION IV-CALABARAZON sa hindi matatawarang suporta upang makapagbigay ng mahahalagang impormasyo at kaalaman na magagamit naming sa aming saliksilk.

Sa pamunuan ng paaralang Soro-Soro Elementary School, Gng. Rosalyn C. Valderama at Shirley V. Cads at sa mga kasamahang mga guro, walang hanggang pasasalamat sa patuloy na suporta, pag-unawa at paggabay habang isinasagawa ang saliksik na ito.

Sa mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral sa inyong paglalaan ng oras at lakas sa pagsagot ng mga aktibiti. Tunay na mahalaga ang inyong partisipasyon upang mapagtagumpayan ang gawiang ito.

Sa mga magulang na walang hanggan ang suporta at pasensya sa pagagbay sa mga gawain ng kanilang mga anak.

Malaking pasasalamat din sa aming mga pamilya na patuloy sumusuporta, naniniwala sa aming kakakayahan. Sa pag-unawa sa pagbibigay ng oras upang matapos ang aming mga Gawain.

Higit sa lahat ay sa Poong Maykapal na nagbibigay ng kalakasan at determinasyon sa aming grupo upang maipagpatuloy ang aming pag-aaral. Sa pagbibigay ng kaalaman, pang-unawa at pasensya upang magampanan at paisagawa ang pananaliksik.

**REFERENCES**

DEPED.(2021). Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Pre-Reading Assessment Year 2020-2021

DEPED.(2020).The Basic Education Learning Continuity Plan in the Time of Covid-19.PDF File. Retrieved from

Leipzig (2001) What is reading? viewed from http://www.readingrockets.org/ article/what-reading

Yovanoff, Duesbry, Alonzo at Tindal (2005) Habang ang mga mag-aaral ay nagiging bihasa sa kanilang kakayahan sa pagbabasa nalilinang din sa kanila ang mahusay na pag-unlad sa pag-unawa at pagkatuto" ( ph.4-12)